

# James Cary Smith Community Grant Program (Programa para sa Pagbibigay ng Tulong Pinansiyal sa Komunidad)

Bay Area Air Quality Management District (Distrito para sa Pamamahala ng Kalidad ng Hangin sa Bay Area)

## Siklo 2 Paghiling sa mga Aplikasyon

Oktubre 2024

BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

## Bay Area Air Quality Management District (Distrito para sa Pamamahala ng Kalidad ng Hangin sa Bay Area) Pangkalahatang Impormasyon at Misyon

Ang Bay Area Air Quality Management District (Air District o ahensiyang kumokontrol sa polusyon, o BAAQMD) ang ahensiya ng gobyerno na may responsibilidad sa pagbibigay ng proteksiyon sa San Francisco Bay Area. Itinalagang gawain sa Air District ang paggawa ng mga regulasyong nauukol sa hindi gumagalaw o stationary na pinagmumulan ng polusyon sa hangin sa siyam na county na nakapaligid sa San Francisco Bay: ang mga county ng Alameda, Contra Costa, Marin, Napa, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, southwestern Solano, at southern Sonoma. Pinamamahalaan ito ng Board of Directors (Lupon ng mga Direktor) na may 24 miyembro at binubuo ng inihahal sa lokal na opisyal mula sa bawat isa sa siyam na county.

Pinagbubuti ng Air District ang kalidad ng hangin at nang maprotektahan ang pampublikong kalusugan, mabawasan ang may kasaysayan at kasalukuyan na kawalan ng katarungan sa pagkakapantay-pantay sa kapaligiran, at mapigilan ang pagbabago ng klima at mga epekto nito.

## Dedikasyon

Pinangalanan ang James Cary Smith Community Grant Program para kay Jim Smith, na dating Community Outreach Manager (Tagapamahala ng Pag-abot sa Nakararami sa Komunidad) ng Air District, at siyang naglunsad ng unang programa para sa pagbibigay ng tulong-pinansiyal sa mga komunidad noong 2009. Yumao si Mr. Smith noong 2015 nang dahil sa ALS, at pinalalawak ng programang ito ang kanyang bisyon ng pagkakaroon ng mas nakikilahok at mas may lakas na komunidad.

## Impormasyon sa Pagkontak

Kung may tanong kayo tungkol sa programa para sa pagbibigay ng grants o sa proseso ng pag-aapply, ang pangunahing mga kontak para sa James Cary Smith Community Grant Program ay sina:

Aneesh Rana, Senior Staff Specialist (Nakatataas na Kawaning Espesyalista)

Elinor Mattern, Senior Staff Specialist (Nakatataas na Kawaning Espesyalista)

communitygrants@baaqmd.gov

*Isinalin ang dokumentong ito mula sa Ingles. Bagamat gumamit ng propesyonal na mga serbisyo sa pagsasalin at gumawa ng makatwirang pagsusumikap upang magkaloob ng wastong pagsasalin, posibleng hindi tama ang ilang bahagi. Ang opisyal na tekstong dapat gamitin sa mga usaping legal ay ang Ingles na bersiyon ng dokumentong ito. Mangyaring makipag-ugnay sa mga kawani sa communitygrants@baaqmd.gov kung may mga tanong kayo tungkol sa dokumentong ito.*

**!** ***Pakibasa nang buo ang dokumentong ito bago sagutan ang aplikasyon. Hindi tatanggapin ang hindi kompletong aplikasyon. Nirereserba ng Air District ang karapatang baguhin ang paghinging ito ng mga aplikasyon batay sa sarili nitong pagpapasya.***

# TALAAN NG MGA NILALAMAN

1. LAYUNIN NG GRANT O TULONG-PINANSIYAL ..........4
2. MAHAHALAGANG PETSA..............................................5
3. SINO ANG MAKAPAG-AAPPLY?.....................................6
4. HALAGA NG MGA AWARD AT TAGAL ..........................8
5. ANONG URI NG TRABAHO ANG MAPOPONDOHAN?8
6. KUNG PAANO MAG-APPLY PARA SA PONDO……....10
7. ISUMITE ANG INYONG APLIKASYON……………….....10
8. PAANO GAGAWAN NG EBALWASYON ANG MGA PROPOSAL O MUNGKAHI? .......................................... 11
9. KAPAG TUMANGGAP KAYO NG GRANT.....................13
10. PAGBIBIGAY-DEPINISYON SA MGA TERMINO AT ACRONYM O MAIKLING KATAWAGAN SA JAMES CARY SMITH COMMUNITY GRANT ….……………………...14

Appendix o Karagdagang Bahagi A ......................................... 16
Listahan ng mga Gawain o Checklist .......................... 16
Aplikasyon para sa Grant: Cover Sheet o Pabalat na Papel........................................................................... 17
Aplikasyon para sa Grant: Salaysay ukol sa Proyekto...19

Appendix B.......................................................................... 20

# 1. LAYUNIN NG GRANT O TULONG-PINANSIYAL

Naghahandog ang Air District ng grant sa mga organisasyong nakabase sa komunidad, asosasyon sa pamayanan, at iba pang nakabase sa komunidad at local na nonprofit upang magamit ang kapangyarihan ng komunidad, at sa gayon, lubusang makalahok sa mga pagdedesisyong nakaaapekto sa kapaligiran at kalusugan ng mga komunidad na kanilang pinaglilingkuran.

Noong 2021, binigyan ng awtorisasyon ng Board of Directors (Lupon ng mga Direktor) ng Air District ang muling pag-aayon ng mga programa nito para sa pagbibigay ng grants sa mga komunidad, kung saan bahagi ang pagsasama ng dalawang programa para sa pagbibigay ng grants sa mga komunidad, kaya't tumaas ang maximum, o pinakamataas nang maibibigay na halaga sa grant, at nakapaghahandog na ng mga grant na dalawa o higit pa ang mga taon. Inilunsad ang Siklo 1 ng nabigyan na ng bagong pagtutuon na James Cary Smith Community Grant Program. Layunin naman ng Siklo 2 ng programa na patuloy na masuportahan ang lubusang pakikisangkot at pamumuno ng mga komunidad na pinakadirektang naaapektuhan ng kawalan ng katarungan sa kapaligiran, at nang maimpluwensiyahan ang mga polisiya at mapabuti ang kalidad ng hangin.

## Mga Layunin ng Programa sa Pagbibigay ng Grants

Hangarin ng Air District na magkaloob ng pondo ng grant para sa mga proyekto na:

- Makatulong sa pagkakaroon ng kakayahan ng komunidad na lumahok sa isa o higit pa sa mga sumusunod: pagbabawas ng polusyon sa hangin, pagbabawas ng pagkakalantad ng tao sa polusyon sa hangin, at/o pagkakaroon ng higit na kakayahan ng mga miyembro ng komunidad na lubusang makilahok sa Air District at sa trabaho nito;
- Makadisenyo at makapagpatupad ng mga stratehiya upang mapangalagaan ang awtentiko at makabuluhang pagpapalahok, at bigyang-lakas at paghusayin pa ang kakayahan ng organisasyon at ng komunidad at sa gayon, aktibong makalahok sa mga aktibidad sa pagpaplano upang mapaghusay ang kalusugang pangkapaligiran ng komunidad;
- Maiangat ang lokal na mga pagsusumikap upang mapabuti ang kalidad ng hangin at ang kalusugan ng publiko; at
- Mapaglingkuran ang mga komunidad para sa katarungan sa kapaligiran, kasama na ang mga komunidad na kulang ang mga rekurso, nahihirapan dahil sa mababang kita, walang tahanan, mag-aaral ng wikang Ingles, at/o labis na pumapasan ng wala sa proporsiyong pagkakaroon ng polusyon sa hangin.



# 2. MAHAHALAGANG PETSA

| MGA PETSA | AKSIYON |
|---|---|
| Lunes, Oktubre 7, 2024 | Bukas na ang proseso ng pag-aaply para sa grant |
| Martes, Oktubre 22, 2024 | Opsiyonal na Webinar para sa Pagbibigay ng Impormasyon, 10:00 AM |
| Huwebes, Nobyembre 7, 2024 | Opsiyonal na mga Tips and Tricks Pre-application Webinar (Webinar para sa Payo at Pagpapadali bago ang Pag-aapply), 2:00 PM |
| Miyerkoles, Disyembre 4, 2024 | Kailangang maisumite ang lahat ng tanong tungkol sa pag-aapply sa grant bago sumapit ang 5:00 PM* |
| Huwebes, Disyembre 12, 2024 | Ipapaskil ang lahat ng sagot sa mga tanong ukol sa aplikasyon bago sumapit ang 5:00 PM* |
| **Martes, Enero 7, 2025** | **Dapat maisumite ang mga aplikasyon bago sumapit ang 5:00 PM Oras sa Pasipiko** |
| Taglamig o Winter 2025 | Panahon para sa Ebalwasyon at Pagrerebyu ng mga Aplikasyon para sa Grant |
| Taglamig o Winter 2025 | Ipadadala ang mga Abiso ukol sa Grant Awards |
| Tagsibol o Spring 2025 | Gagawan ng burador o draft at gagawing pinal ang mga kasunduan ukol sa grants |
| Tag-araw o Summer 2025 – Tag-araw o Summer 2028 | Gagawin ng grantees (tumanggap ng grant) ang trabaho, magsusumite ng regular na ulat at invoice (listahan ng mga bagay, serbisyo, at halaga) ukol sa grant |
| Tag-araw o Summer 2028 | Dapat nang maisumite ang pinal na mga ulat at invoice |

*Puwedeng isumite ang mga tanong sa pamamagitan ng email sa communitygrants@baaqmd.gov. Ipagkakaloob ang lahat ng sagot sa www.baaqmd.gov/communitygrants sa panahon ng bukas na pag-aapply.

## Opsiyonal na mga Webinar para sa Pagbibigay ng Impormasyon

**Webinar para sa Pagbibigay ng Impormasyon ng Air District—Martes, Oktubre 22, 10:00 AM**

- Magtataguyod ang Air District ng webinar para sa pagbibigay ng impormasyon sa Martes, Oktubre 22 nang10:00 AM. Sa webinar, magkakaroon ng pagkakataon ang maaaring mag-apply na magtanong tungkol sa programa ng grants. Mangyaring magparehistro sa sumusunod na link upang makadalo: www.tinyurl.com/JCSwebinarCycle2.

**Tips and Tricks (Mga Payo at Pagpapadali) Kapag Nag-apply para sa Grants ng Gobyerno — Huwebes, Nobyembre 7, 2:00 PM**

- Maghahandog ang pangkat para sa teknikal na tulong ng mga payo at pagpapadali sa maaaring mag-apply na interesadong malaman pa ang tungkol sa mga patakaran sa pag-aapply para sa grant. Pakigamit ang sumusunod na link upang makasali sa webinar: https://us02web.zoom.us/j/81694813564.

Irerekord at ipapaskil ang dalawang webinar sa website ng Air District. Maaaring magbigay ng simulateneous (sa oras mismo na nagaganap) na pagsasalin sa wika kapag hiniling ito nang hindi bababa sa 72 oras bago ang pagtitipon. Kontakin si Aneesh Rana sa arana@baaqmd.gov o sa 415-749-4914 upang humiling ng pagsasalin.

# 3. SINO ANG MAAARING MAG- APPLY?

Maaaring mag-apply para sa James Cary Smith Community Grant ang mga pangkat na nakabase sa komunidad at ang 501(c)(3) na mga lokal na nonprofit na matatagpuan sa loob ng hurisdiksiyon ng Air District (ang mga county ng Alameda, Contra Costa, Marin, Napa, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, southwestern Solano, at southern Sonoma).

Upang maging kuwalipikado sa pag-aapply para sa James Cary Smith Community Grant, dapat isa sa mga sumusunod ang aplikante:

1. Organisasyong nakabase sa komunidad sa California at may kasalukuyang hawak na katayuan na maaaring hindi magbayad ng buwis, o tax-exempt status, sa ilalim ng Seksiyon 501(c)(3) ng pederal na Internal Revenue Code (Kodigo sa Pagbabayad ng Buwis); **O**

2. Organisasyon sa California na may hawak na katayuan na maaaring hindi magbayad ng buwis, o tax-exempt status, sa ilalim ng Seksiyon 501(c)(3) ng pederal na Internal Revenue Code bilang Fiscal Sponsor/Grantee (Tagapagtaguyod/Tumatanggap ng Pinansiya), sa pakikipagpartner sa nakabase sa komunidad na organisasyon sa California na walang katayuan bilang subgrantee (tumatanggap ng subgrant) batay sa Seksiyon 501(c)(3).

Kuwalipikadong mag-apply ang kasalukuyan at kamakailan lamang na nakatanggap ng James Cary Smith Community Grant.

Bibigyan ng preperensiya ang mga proyektong naglilingkod sa environmental justice communities o mga komunidad na nakararanas ng wala sa proporsiyong panganib sa kapaligiran sa Bay Area, kasama na ang mga proyektong nakabase sa mga komunidad na may pangkalahatang marka na 70 hanggang 100 sa CalEnviroScreen 4.0, na kasangkapan para sa pag-eeksamen ng kalusugan sa kapaligiran at nagpapakita ng naiipong mga epekto sa mga komunidad ng California batay sa census tract (heyograpiyang lugar na ginagamit upang magharap at mangolekta ng datos). Nasa ibaba ang karagdagang impormasyon tungkol sa mas pinipiling mga heograpiya.

## California Assembly Bill (Batas ng Asembleya ng California) 617

Sa Bay Area, marami sa mga komunidad na nakararanas ng matataas na antas ng hangin na hindi mabuti sa kalusugan ay mga komunidad ng may kulay at mabababa ang kita. Madalas na nailagay ang mga komunidad na ito ng may diskriminasyon na paggamit ng lupa at ng mga polisiya sa transportasyon sa mga lugar na malapit sa malalaking pinagmumulan ng polusyon sa hangin. Ang California Assembly Bill (Batas ng Asembleya, AB) 617 ang batas ng California na nagtatakda sa lokal na air districts na higitan pa ang kanilang pagtutuon sa pagtugon sa mga agwat sa polusyon sa hangin sa lokal na lugar. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa AB 617, pakibisita ang link na ito: https://ww2.arb.ca.gov/capp/about.

Kasalukuyang may isinasagawang apat na proyektong awtorisado ng AB 617 sa loob ng huridiksiyon ng Air District, at matatagpuan ang mga ito sa Bayview Hunters Point/Southeast San Francisco, East Oakland, West Oakland, at sa lugar ng Richmond-North Richmond-San Pablo. Upang makita ang mga hangganan ng bawat isa sa mga komunidad na ito, pakibisita ang link na ito: https://arcg.is/abX4W.

Bagamat kasama sa pagiging kuwalipikado para sa Siklo 2 ang apat na nakatalagang komunidad batay sa AB 617 at nakalista sa itaas, bibigyan ng preperensiya ang mga komunidad na hindi pa natatamasa ang mga pakinabang ng pamumuhunan batay sa AB 617. Para sa Siklo 2 ng James Cary Smith Community Grant Program, hindi dapat hangarin ng mungkahing mga proyekto ang pag-uulit ng iba pang nakabase sa komunidad na trabahong sinusuportahan ng Air District sa apat na nakatalagang komunidad batay sa AB 617.

## Mas Pinipiling mga Heyograpiya o Lugar

Bibigyan ng preperensiya ang mga mungkahing proyekto sa mga sumusunod na komunidad na naghihintay ng pagkakatalaga batay sa AB: **ang lugar ng Pittsburg-Bay Point, San Jose, San Leandro, ang Tri-Valley (kasama na ang mga lungsod ng Dublin, Livermore, Pleasanton, at San Ramon), at ang Vallejo.**

Bibigyan ng preperensiya para sa pagpopondo ng grant ang mga proyektong nakabasa sa mga komunidad na ito, pati na rin sa mga komunidad na may pangkalahatang marka na 70 hanggang 100 sa CalEnviroScreen 4.0.

TALA: Ang CalEnviroScreen 4.0 ang kasangkapan na ginagamit upang maeksamen ang naihahambing na pasaning polusyon pero hindi lamang ito ang isinasaalang-alang sa pagbibigay ng preperensiya. Kung may iba pang hurisdiksiyon na nasa loob ng mga hangganan ng Air District at gumagamit ng ibang metodolohiya para sa pag-eeksamen na tumutukoy sa iba pang environmental justice communities o mga komunidad na nakararanas ng wala sa proporsiyong panganib sa kapaligiran sa Bay Area, kailangang isama ito ng aplikante sa kanyang aplikasyon at nang maisaalang-alang.

## May Interaksiyong Mapa

Upang matingnan ang may interaksiyong map ana nagpapakita sa mga komunidad sa Bay Area na may pangkalahatang marka sa CalEnviroScreen na 70 hanggang 100 pati na rin ang apat na nakatalagang komunidad batay sa AB 617, pakibisita ang link na ito: https://arcg.is/abX4W.

| **Listahan upang Mapag-alaman ang Pagiging Kuwalipikado o Eligibility Checklist** (Upang makapag-apply, kailangang matugunan ng mga aplikanta ang **isa** sa mga sumusunod na itinatakda) |
|---|
| ☐ Organisasyong nakabase sa komunidad sa California at may hawak sa kasalukuyan ng katayuan na maaaring hindi magbayad ng buwis o tax-exempt status sa ilalim ng Seksiyon 501(c)(3) ng pederal na Internal Revenue Code (Kodigo sa Pagbabayad ng Buwis); **O** |
| ☐ Organisasyon sa California na may hawak na katayuan na maaaring hindi magbayad ng buwis o tax-exempt status sa ilalim ng Seksiyon 501(c)(3) ng pederal na Internal Revenue Code bilang Fiscal Sponsor/Grantee (Tagapagtaguyod/Tumatanggap ng Pinansiya), sa pakikipag-partner sa nakabase sa komunidad na organisasyon sa California na walang katayuan bilang subgrantee (tumatanggap ng subgrant) batay sa Seksiyon 501(c)(3). |
| **Mas Pinipiling Heograpiya o Lugar** (Bibigyan ng preperensiya ang mga aplikanteng nakatutugon sa isa mga itinatakda upang maging kuwalipikado na nasa itaas AT isa sa mga sumusunod na mga kondisyon) |
| ☐ Paglilingkuran ng mungkahing proyekto ang isa o higit pa sa mga komunidad na naghihintay ng pagkakatalaga batay sa AB 617 (lugar ng Pittsburg-Bay Point; San Jose; San Leandro; ang Tri-Valley kasama na ang mga lungsod ng Dublin, Livermore, Pleasanton, at San Ramon; ang Vallejo), **O** |
| ☐ Paglilingkuran ng mungkahing proyekto ang isa o higit pang komunudad na may pangkalahatang marka na 70 hanggang 100 sa CalEnviroScreen 4.0, **O** |
| ☐ Paglilingkuran ng mungkahing proyekto ang isa o higit pang komunidad na natukoy bilang environmental justice communities, sa pamamagitan ng metodolohiya sa pag-eeksamen na bukod pa sa CalEnviroScreen 4.0. |



# 4. MGA HALAGA AT TAGAL NG AWARD

May makukuhang kabuuang halaga na $1,500,000 mula sa James Cary Smith Community Grant Program sa Siklo 2. Ang pinakamalaki nang halaga sa indibidwal na grant ay $300,000 sa loob ng tatlong taon, na may pinakamalaki nang halaga na $100,000 kada taon at nakabatay sa pagpapakita ng pag-unlad tungo sa mga layunin ng grant at makukuhang pondo mula sa Air District. Walang pinakamaliit o minimum na halaga para sa grant award. Limitado ang bawat aplikante sa isang mungkahi o proposal para sa Siklo 2 ng programa. Puwedeng mag-apply ang mga aplikante para sa grant na tatagal nang isang taon, dalawang taon, o tatlong taon. Patuloy na gagawan ng pagtatasa ng mga kawani ng Distrito ang pag-unlad at pagganap ng grantee (tumanggap ng grant) sa pamamagitan ng mga ulat at dapat ihatid na resulta ng grant.

Inaasahang magsisimula ang mga proyektong popondihan sa pamamagitan ng Siklo 2 ng James Cary Smith Community Grant Program sa Tag-araw o Summer 2025, at matatapos sa Tag-araw 2028.

# 5. ANONG URI NG TRABAHO ANG MAPOPONDOHAN?

Hangad ng Air District na mapalakas ang pakikipagpartner sa nakabase sa komunidad na mga organisasyon upang magkaroon ang mga nag-aadbokasiya sa Bay Area ng impormasyon at mga rekursong kailangan nila, at sa gayon lubusang makalahok sa mga programa at polisiya ng Air District.

Sa pamamagitan ng James Cary Smith Community Grant Program, palalawakin at susuportahan ng Air District ang ugnayan nito ng mga kapartner sa komunidad at may kolaborasyong makikipagtrabaho upang mapaghusay pa ang kakayahan ng mga miyembro ng komunidad na makipagpartner sa Air District, at sa gayon, mapabuti ang kalidad ng lokal na hangin at ang kalusugan ng publiko.

### Maaaring kasama sa popondohang trabaho ang kombinasyon ng mga sumusunod:

**Pag-oorganisa sa Komunidad:** Pagdidisenyo at pagpapatupad ng mga stratehiya upang maorganisa ang komunidad o ang nasa paligid na mga komunidad batay sa mga problema sa kalidad ng hangin at iba pang problemang may kaugnayan sa katarungang nauukol sa kapaligiran. Posibleng kasama rito ang edukasyon, pag-abot sa nakararami, pagpapaunlad sa pamumuno, pagpapakilos sa komunidad, at/o pagtatayo at pagpapatatag ng mga koalisyon.

**Awtentikong Pakikilahok:** Pagdidisenyo at pagpapatupad ng mga stratehiya upang masuportahan ang buong pagkakasangkot ng mga komunidad at pamumuno sa mga komunidad na itong pinakadirektang naaapektuhan ng kawalan ng katarungang nauukol sa kapaligiran, at sa gayon, maimpluwensiyahan ang mga polisiya at mapabuti ang kalidad ng hangin. Posibleng kasama rito ang:

- Pagkakaloob sa mga komunidad ng mga rekurso at impormasyon upang magkaroon ng makabuluhang partisipasyon sa mga desisyon na nakaaapekto sa kalusugan sa lokal na kapaligiran.
- Mga aktibidad sa pagpaplano na nakatutulong sa mga komunidad na malaman ang tungkol sa mga problema sa kalidad ng lokal na hangin, masiyasat ang ugat na sanhi ng polusyon sa hangin at ang epekto nito sa kalusugan ng publiko, at matukoy ang mga ahensiya na posibleng tumugon sa mga inaalala.
- Pagkakaloob ng pagsasanay sa pag-aadbokasiya, pagsasanay sa pamumuno, at pagsasanay sa pagpapadaloy ng pulong, ayon sa pangangailangan.

- Paggawa ng mga rekomendasyon sa mga kawani ng Air District kung paano:
  - Mas mahusay na makipagkomunikasyon at makipagpartner sa mga miyembro ng komunidad;
  - Makapagsasanay ng mga miyembro ng komunidad ukol sa mga programa at paggawa ng desisyon ng Air District; at/o
  - Magpatupad ng iba pang stratehiya upang matulungan ang mga komunidad sa pakikipagtrabaho sa lokal, rehiyonal, pang-estado, at pederal na mga ahensiya ng gobyerno.

## Mga Gawain na Hindi Mapopondohan:

- Halaga ng gastos sa paghahanda o pagsusumite ng aplikasyon para sa grant
- Pagla-lobby o paghihikayat sa iba
- Pagbili ng air filter masks
- Pagbili ng air monitors o pansubaybay sa hangin
- Pagsasagawa ng mga proyekto para sa pagsubaybay sa hangin o air monitoring at/o mga proyekto para sa air pollution modeling (paggamit ng computer program ang konsentrasyon ng pollutants sa hangin)
- Pagbuo at pagpapaunlad sa pang-edukasyong materyales na walang kaugnayan sa mga pagsusumikap para sa pag-oorganisa ng komunidad o sa awtentikong partisipasyon ayon sa pagkakalarawan sa itaas
- Mga kampanya para sa endowment (pondo para sa pinansiyal na mga donasyon)
- Mga aktibidad para sa pangangalap ng pondo
- Pagbebenta ng mga produkto o teknolohiya para magkaroon ng kita

Anumang gawain na nagawa na bago pa ang buong pagpapatupad ng kasunduan sa grant sa Air District ay hindi kuwalipikado para sa pondo na mula sa James Cary Smith Community Grant Program.

## Pagpapasya ng Air District ukol sa mga Aplikasyon:

Sa sariling pagsasaya nito, nirereserba ng Air District ang karapatan, pero hindi ang obligasyon, na gawin ang alinman sa ma sumusunod, sa anumang panahon:

- Kanselahin, baguhin, o amyendahan ang Paghiling ng mga Aplikasyon (Request for Applications) na ito
- Baguhin ang halaga ng makukuhang pondo na nakatukoy sa Paghiling ng mga Aplikasyon
- Tanggihan ang anuman o lahat ng aplikasyong natanggap bilang pagtugon sa Paghiling ng mga Aplikasyon batay sa anumang dahilan, o walang dahilan, sa hangganang pinahihintulutan ng batas.



# 6. KUNG PAANO MAG-APPLY PARA SA PONDO

Upang mag-apply para sa pondo mula sa James Cary Smith Community Grant , kailangang isumite ng mga aplikante ang lahat ng bagay na nakalista sa checklist na ipinagkakaloob sa Appendix (Karagdagang Bahagi) A. Hindi rerebyuhin ang isusumiteng impormasyon na hindi nakatukoy sa checklist.

### Mga Kinakailangan para sa Aplikasyon:

- Ang Cover Sheet o Pabalat na Papel (tingnan ang Appendix A) ng James Cary Smith Community Grant Program ng Air District ang magsisilbi bilang cover sheet/pahina ng pamagat.
- Puwedeng i-upload ang dalawa o higit pang dokumento ng aplikasyon sa Procurement Portal (Mapapasukan para sa Pagkuha ng Kinakailangan) ng Air District.
- Ang pangalan ng aplikante/organisasyon ay dapat nasa filename ng bawat i-a-upload na dokumento – halimbawa: Your_Organization_Name_Budget.PDF (Ang _ Inyong_Organisasyon_Pangalan_Badyet.PDF)
- Mas gusto namin ang Adobe Acrobat PDF na file format para sa mga dokumento ng aplikasyon.
- Kailangang isumite ang mga Sagot sa Program Cover Sheet at sa Project Narrative (Salaysay ukol sa Proyekto) gamit ang pinakamaliit nang 11-point font, sa 8 1/2” x 11” na mga pahina.

Para sa espesipikong mga detalye kung ano ang dapat isama sa aplikasyon para sa grant, pakitingnan ang Appendix A.

# 7. KUNG PAANO ISUSUMITE ANG INYONG APLIKASYON

Kailangang gumawa ang interesadong mga aplikante ng account sa pamamagitan ng Procurement Portal (Bonfire) ng Air District at gamitin ang link na nasa ibaba upang magsumite ng aplikasyon. **Hindi tatanggapin ang ifa-fax, ipapadala sa koreo, i-e-email, o ipadadala sa courier na aplikasyon.**

Sundin ang mga hakbang na ito upang magamit ang Procurement Portal (Bonfire) ng Air District sa pagsusumite ng inyong aplikasyon:

- **Hakbang 1:** Pumunta sa Procurement Portal na nasa: https://baaqmd.bonfirehub.com
- **Hakbang 2:** (Para lamang sa mga bagong gumagamit) Sa ilalim ng Login na tab, lumikha ng account sa Bonfire sa ilalim ng ‘New Vendor Registration (Pagpaparehistro ng Bagong Vendor o Nagbibigay ng Serbisyo).’ Sagutan lahat ng espasyo at piliin ang ‘Create account (Lumikha ng Account).’ Magpapadala ng Account Confirmation Email (Email ukol sa Pagkumpirma ng Account) sa email address na ibinigay ninyo. Kapag natanggap na ito, buksan ang email, at sundin ang mga instruksiyon upang makumpirma ang inyong account.
- **Hakbang 3:** Bumalik sa Bonfire account at lumikha ng ‘Vendor Record (Rekord ng Vendor).’ Kompletuhin ang lahat ng espasyo at piliin ang ‘Yes (Oo)’ para sa mga abiso sa email at sa gayon, makatanggap kayo ng paalala para sa nalalapit na mga huling araw ng pagsusumite o iba pang naaangkop na impormasyong may kaugnayan sa James Cary Smith Community Grant Program.
- **Hakbang 4:** Kapag nalikha na ang Bonfire account, mapupuntahan ninyo ang opsiyon para sa James Cary Smith Community Grant Program. Mada-download ninyo rito ang mga gabay sa grant program, ma-a-upload ang nakompleto nang aplikasyon ,at makikita ang Frequently Asked Questions (Mga Madalas Itanong) na mabubuo at mapapaskil sa panahon ng bukas na aplikasyon.
- **Hakbang 5:** Habang naka-log in sa James Cary Smith Community Grant Program, piliin ang ‘Prepare Submission (Ihanda ang Isusumite).’ I-upload ang inyong mga dokumento (ang buong aplikasyon ninyo). Kapag naisumite na ito, makatatanggap kayo ng resibo para sa pagkakasumite at confirmation code (kodigo para sa pagkumpirma).

## 8. PAANO GAGAWAN NG EBALWASYON ANG MGA PROPOSAL O MUNGKAHI?

Rerebyuhin ang mga aplikasyon matapos ang huling araw ng pagsusumite. Gagawan ng ebalwasyon at iraranggo ang kuwalipikadong mga aplikasyon ayon sa mga pamantayan sa pagbibigay ng score o marka na nasa ibaba. Ang mga aplikasyong hindi makatutugon sa minimum na kinakailangan ay tatanggalin sa proseso ng pagrerebyu ng mga aplikasyon.

| | Minimum na Kinakailangan | Pasado/ Hindi Pasado | Pamantayan sa Pagbibigay ng Score o Marka |
|---|---|---|---|
| ☐ | **Cover Sheet o Pabalat na Papel** | Pasado / Hindi Pasado | Kailangang makompleto ang James Cary Smith Community Grant Program Cover Sheet ng Air District at mapirmahan ng indibidwal na may awtoridad upang magkaroon ng legal na pananagutan ang organisasyon ng aplikante. Maaaring mapirmahan ang mga aplikasyon gamit ang naka-type na pangalan.<br><br>Kung nag-aapply ang aplikante sa ilalim ng fiscal sponsor, kailangang pumirma ang kinatawan ng fiscal sponsor na may awtorisasyong pumasok sa mga kontrata para sa organisasyon nito. |
| ☐ | **Katayuan Bilang Nonprofit** | Pasado / Hindi Pasado | Kailangang magsumite ng pagpapatunay ng katayuan batay sa Internal Revenue Service Code (Kodigo ng Serbisyo para sa Pagbabayad ng Buwis) 501(c)(3) ng pederal na gobyerno, o pagkilala sa aplikante o sa fiscal sponsor bilang nonprofit na entidad. |
| ☐ | **Pagsunod sa mga batas na nauukol sa pagkakompro-miso dahil sa personal na interes** | Pasado / Hindi Pasado | Kung naaangkop, magbibigay-patunay ang bawat aplikante ng grant at ang fiscal sponsor, na sinusunod nito ang naaangkop na mga batas na nauukol sa magkasalungat na interes, at sa Conflict of Interest Code (Kodigo ukol sa Magkasalungat na Interes) ng Air District sa panahon na isumite nito ang aplikasyon sa paghinging ito ng mga mungkahi, at mananatiling sumusunod sa gayong mga batas sa panahon ng paghingi ng mga mungkahi, at sakaling mapili, sa Term o Takdang Panahon, ng buong pagpapatupad sa Kasunduan ukol sa Grant, kasama na ang anumang pagpapahaba ng panahon. |
| ☐ | **Nasa loob ng Hurisdiksiyon ng Air District** | Pasado / Hindi Pasado | Kailangang isagawa ang mungkahing mga proyekto sa San Francisco Bay Area ng California, na nasa loob ng hurisdiksiyon ng Air District. Para sa may interaksiyon na mapa, pakibisita ang link na ito: https://arcg.is/abX4W. |
| ☐ | **Hindi nag-uulit o kaiba sa iba pang gawain na naka-base sa komunidad** | Pasado / Hindi Pasado | Magsasagawa ang mga kawani ng Distrito ng pagsusuri ng pagiging kuwalipikado ng mungkahing mga proyekto, at nang sa gayon, walang pag-uulit o pagkakapareho sa ginagawa nang nakabase sa komunidad na trabahong sinusuportahan ng Air District. |
| ☐ | **Badyet ng Proyekto** | Pasado / Hindi Pasado | Magkaloob ng kompletong badyet para sa mungkahing proyekto, kasama na ang gastos para sa mga kawani, materyales at supplies o mga ginagamit, nang pinaghihiwa-hiwalay batay sa taon (kung naaangkop).<br><br>Pakilista ang anumang entidad o indibidwal na magkakaloob ng pondo para sa proyektong ito, kasama na ang kanilang kabuuang kontribusyon (kasama ang in-kind, o bagay o serbisyo) at isaad kung tiyak na (hawak na), nahiling na, o hindi pa nahihiling ang kontribusyong ito. Kung hindi pa hawak ang pondo, mangyaring magbigay ng maiksing deskripsiyon kung paano iaayon ang mungkahing proyekto sakaling susuportahan lamang ng pondong mula sa grant program na ito. |

| | Salaysay ukol sa Proyekto | Posibleng mga Puntos | Mga Pamantayan sa Pagbibigay ng Score o Marka |
|---|---|---|---|
| ☐ | **Buod ng Proyekto** | **30** | **Natutugunan ang mga layunin ng grant program:** Malinaw na makatutulong ang mga aktibidad ng proyekto upang mapaghusay ang kakayahan ng komunidad sa isa o higit pa sa mga sumusunod na paraan: Masusuportahan at maiaangat ang lokal na mga lider o mapagkakalooban sila ng mga kakayahan upang mapalawak pa ang ugnayan ng mga lider ng komunidad; mababawasan ang polusyon sa hanginl; mapabubuti ang kalusugan ng publiko; at/o masusuportahan ang pakikilahok sa mga pampublikong ahensiya at mga proseso sa mga polisiya. |
| ☐ | **Deskripsiyon ng Komunidad** | **20** | **Mataas ang potensiyal na magkaroon ng epekto sa komunidad:** Paglilingkuran ng proyekto ang naipakita nang pangangailangan ng komunidad. Halimbawa, kasalukuyang limitado ang paglahok ng komunidad sa paggawa ng mga desisyon, partikula na sa mga desiyon na makaaapekto sa kalidad ng hangin sa lokal. |
| ☐ | **Pamumuno** | **20** | **Naipakita nang pamumuno:** Naipakita na ng aplikante na nakaganap na sila o makagaganap sila ng papel bilang pinuno sa kanilang komunidad sa larangan ng katarungan sa kapaligiran o iba pang inaalala sa komunidad. |
| ☐ | **Pagsukat sa Tagumpay** | **20** | **Pakinabang ng komunidad:** Naipakita na ng aplikante ang maayos na metodolohiya sa pagpapatupad ng mga programa at kapani-paniwala ang mga sukatan o metrics at nang masukat ang tagumpay ng mga programang ito. |
| ☐ | **Mga Pakikipag-partner** | **10** | **Paggamit ng lokal na kakayahan para sa pagpapahusay:** Makikipagkolaborasyon ang aplikante sa makabuluhang mga paraan upang maipatupad ang mga aktibidad at tunguhin ng programa. |
| ☐ | **(Mga) Lugar ng Proyekto** | **5** | **Mas Pinipiling mga lugar o heyograpiya:** Ang mga aplikasyon para sa mungkahing proyekto na matatagpuan sa loob ng isa o higit pang mas pinipiling lugar na kasalukuyang hindi nakatalagang komunidad batay sa AB617 ay makatatanggap ng bonus na may limang (5) puntos.<br><br>Sa panahong ito, may apat (4) na nakatalagang komunidad batay AB 617 na nasa loob ng hurisdiksiyon ng Air District at matatagpuan ang mga ito sa Bayview Hunters Point/Southeast San Francisco, East Oakland, West Oakland, at sa lugar ng Richmond-North Richmond-San Pablo. Para sa iba pang impormasyon tungkol sa mas pinipiling lugar, pakitingn ang mga pahina 6-7 ng Paghiling sa mga Aplikasyon para sa Siklo 2. |
| | **Kabuuang Bilang ng Posibleng mga Puntos:** | **105** | |

# 9. KAPAG NAKATANGGAP KAYO NG GRANT

Kapag nakatanggap ang aplikante ng James Cary Smith Community Grant, ihahanda ng kawani ng Air District ang kasunduan ukol sa grant na magtatakda ng mga patakaran at kondisyon ng grant, kasama na ang mga kinakailangan sa pag-uulat. Pakitingnan ang Appendix B ng Ingles na bersiyon ng dokumentong ito para sa halimbawa ng mga patakaran at kondisyon ng Air District. Posibleng mag-iba ang aktuwal na mga patakaran at kondisyon.

## Proseso ng Pagkakaloob

Inaasahan na ng Air District na iaanunsiyo ang mga pagkakalooban ng grant sa Quarter 1 (unang tatlong buwan) ng 2025. Ipagbibigay-alam sa mga aplikante sa pamamagitan ng internet kung napili ang kanilang proyekto para sa pagbibigay ng pondo ng Air District. Binubuo ang unang pagpili para sa pagpopondo ng paunang pag-apruba lamang. Nagaganap ang pinal na pag-apruba kapag napirmahan na ang kasunduan ukol sa grant kapwa ng grantee (tumatanggap ng grant) at ng Air District. Ihahanda ng kawani ng Air District ang mga kasunduan ukol sa grant na magtatakda ng mga patakaran at kondisyon ng bawat grant. May legal na obligasyon ang grantee na tugunan ang ilang itinatakda, kasama na ang pag-aabiso sa Air District ng anumang pagbabago sa pagpapatupad ng proyekto at pagsusumite ng ulat ukol sa pag-usad ng proyekto at pinal na ulat. Kung magkakaloob ang Air District ng halaga na iba sa hiniling na halaga, makikipagtrabaho ang mga kawani ng Air District sa grantee upang maiayon ang mga dapat maihatid, mga kahihinatnan, at iskedyul ng mga gawain, ayon sa naaangkop.

Matapos magawa ang kasunduan ukol sa grant, maaari nang simulant ng grantee ang trabaho sa pinopondohang mga aktibidad. Sakaling magkaroon ng pagbabago sa nauna nang napagkasunduan na saklaw ng trabaho, kailangan kontakin ng grantees ang Air District at nang maamyendahan ang Plano para sa Trabaho ng Kasunduan ukol sa Grant.

## Pagbibigay ng mga Pondo ng Grant

Nakabatay ang pagbibigay ng pondo sa makukuha nang mga pondo. Itinatakda ang iskedyul ng pagbibigay ng pera sa kasunduan ukol sa grant para sa bawat proyekto. Walang pondong ilalabas hanggang sa lubusang naipatupad na ng grantee at ng Air District ang kasunduan ukol sa grant. Sa pangkalahatan, magbibigay ng pondo kada apat (4) na buwan.

Kailangang magsumite ang mga grantee ng invoice na may kasamang ulat ukol sa pag-usad ng proyekto (tingnan sa ibaba) at patunay ng paggastos ng pondo, kasama na ang kopya ng anumang resibo. Kailangang ipakita ng pinal na buod ng ulat ukol sa proyekto ang sapat na pagkompleto sa dapat maihatid.

Kung hindi masusunod ng grantee ang lahat ng patakaran at kondisyon ng kasunduan ukol sa grant o kung mabibigo silang makompleto ang mga dapat maihatid sa proyekto, posibleng ipabalik sa grantee ang bahagi ng lahat ng ibinigay na pondo, at possible ring hindi na maging kuwalipikado ang grantee na lumahok sa mga programa para sa grant ng Air District sa hinaharap.

## Mga Ulat ukol sa Pag-usad (Progress Reports)

Kailangang magsumite ang mga grantee ng regular na ulat ukol sa pag-usad, at isang pinal na buod na ulat ukol sa proyekto. Kailangang kasama sa mga ulat ang mga resibo para sa anumang gastos at salaysay na nagpapakita ng pag-usad tungo sa mga tunguhin at layunin ng proyekto.

Ginagamit ang mga ulat upang masuri ang epekto ng mga pamumuhunan ng Air District at makatulong sa paghubog sa mga programa para sa grant sa hinaharap. Gagamitin ang lahat ng ulat upang makapagbahagi ng impormasyon at maitaguyod ang mga tagumpay sa mga grantee at sa komunidad ng greater Bay Area.

Ibibigay ang mga format, template o sinusunod na balangkas, at mga kinakailangan para sa ulat sa mga grantee kasama ang kanilang mga materyales para sa award.

# 10. JAMES CARY SMITH COMMUNITY GRANT PAGBIBIGAY NG DEPINISYON SA MGA PATAKARAN AT ACRONYM (MAIKSING KATAWAGAN)

| | |
|---|---|
| **501(c)(3)** | Ang bahagi ng U.S. Internal Revenue Code na nagpapahintulot sa hindi pagkakasama sa pagbabayad ng pederal na buwis ng mga organisasyong nonprofit, at espsipiko rito ang mga itinuturing na pampublikong organisasyon para sa kawanggawa, pribadong mga pundasyon, o mga pundasyong may pribadong mga operasyon. |
| **AB 617** | Itinatakda ng California Assembly Bill (Batas ng Asembleya) 617 sa California Air Resources Board (Lupon ng California para sa mga Rekursong Nauukol sa Hangin, CARB) at air districts na bumuo, magpaunlad, at magpatupad ng karagdagang pag-uulat ukol sa emissions o pagsingaw na masama sa kalusugan, pagsubaybay, mga plano para sa pagbabawas ng emissions, at mga hakbang bilang pagsusumikap na mabawasan ang pagkakalantad sa polusyon sa hangin ng mga dehadong komunidad. Alamin pa ang tungkol dito: https://leginfo.legislature.ca.gov/faces/billNavClient.xhtml?bill_id=201720180AB617 |
| **BAAQMD** | Bay Area Air Quality Management District (Distrito para sa Pamamahala ng Kalidad ng Hangin sa Bay Area) na tinatawag ding Air District sa kabuuan ng dokumentong ito. Alamin pa ang tungkol dito sa: www.baaqmd.gov. |
| **Bonfire** | Ang Procurement Portal (Mapapasukan para sa Pagkuha ng Kinakailangan) ng Air District, na mapupuntahan dito: https://baaqmd.bonfirehub.com. |
| **CalEnviroScreen** | Kasangkapan sa pagmamapa na nakatutulong upang matukoy ang mga komunidad sa California na pinakanaaapektuhan ng maraming pinagmumulan ng polusyon at kung saan madalas na bulnerable ang mga indibidwal sa mga epekto ng polusyon. Alamin pa ang tungkol dito sa: https://oehha.ca.gov/calenviroscreen. |
| **Pagkakaroon at Pagpapahusay pa ng Kapasidad** | Sa dokumentong ito, binibigyang-depinisyon ang "capacity building (pagkakaroon at pagpapahusay pa ng kapasidad)" bilang pagtukoy sa mga miyembro ng komunidad, iba pang organisasyon, pampubliko at pribadong mga ahensiya, mga pangkat sa komunidad, mga aktibista, at mga sibikong lider, at ang pagkakaloob sa kanila ng impormasyon at suporta upang mapangalagaan ang paglahok sa mga programang dinisenyo upang mapabuti ang kalusugan ng kapaligiran at iba pang inaalala ng komunidad. |
| **CARB** | California Air Resources Board (Lupon para sa mga Rekursong nauukol sa Hangin ng California). Alamin pa ang tungkol dito sa: http://ww2.arb.ca.gov/about. |
| **Organisasyong Nakabase sa Komunidad** | Tinutukoy ng mga organisasyong nakabase sa komunidad o CNO ang mga nonprofit na nag-oorganisa at nagtatrabaho tungo sa paggawa ng ninanais na mga pagpapahusay sa panlipunang kalusugan, kagalingan, at pangkalahatang pagganap ng komunidad. |
| **Pangkat sa Komunidad** | Pangkat ng mga indibidwal na nagtatrabaho para sa pakinabang ng publiko. Posibleng sumusunod ang mga pangkat sa komunidad ng nakatakdang istruktura at nagpapatupad ng mga prinsipyo at kodigo sa pag-asal. |

| | |
|---|---|
| **Patas na pagtrato** *(batay sa pagbibigay-depinisyon ng EPA)* | Nangangahulugan ang patas na pagtrato na walang pangkat ng mga indibidwal ang dapat magpasan ng wala sa proporsiyong bahagi ng negatibong mga kinahinatnan ng kapaligiran na bunga ng industriyal, pangobyerno, at komersiyal na mga operasyon o polisiya. |
| **Mga Grantee (tatanggap ng tulong-pinansiyal)** | Mga tatanggap ng James Cary Smith Community Grant award. |
| **Makabuluhang Pakikisangkot** *(batay sa pagbibigay-depinisyon ng EPA)* | • May pagkakataon ang mga indibidwal na lumahok sa pagdedesisyon tungkol sa mga aktibidad na posibleng makaapekto sa kanilang kapaligiran at/o kalusugan<br>• Posibleng maimpluwensiyan ng kontribusyon ng publiko ang desisyon ng ahensiyang nangangasiwa sa mga regulasyon<br>• Isasaalang-alang ang mga inaalala ng komunidad sa proseso ng paggawa ng mga desisyon<br>• Hihilingin ng mga tagagawa ng desisyon ang pakikisangkot ng mga posibleng maapektuhan at gagawing madali para sa kanila ang pakikilahok |
| **Pahayag ukol sa Misyon** | Maiksing deskripsiyon ng batayang layunin ng entidad. Sinasagot nito ang tanong na, "Bakit tayo naririto?" |
| **Asosasyon sa Lugar ng Komunidad** | Pangkat ng mga residente o may-ari ng mga tirahan na nag-aadbokasiya o nag-oorganisa ng mga aktibidad sa lugar ng komunidad. *(Wikipedia)* |
| **Nakabigay ng Teknikal na Tulong** | Nakipag-partner na ang InterEthnica sa Air District upang makatulong sa pagkakaloob ng teknikal na gabay sa mga aplikante ng grant.<br>Puwedeng tumulong ang InterEthnica sa mga aplikante ng grant sa mga teknikal na tanong ukol sa proseso ng aplikasyon pero hindi ito makasasagot ng mga tanong na nauukol sa espesipikong mga elemento ng proposal o mungkahi ng mga aplikante. |

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga katawagan at acronym na ginagamit ng Air District, pakipuntahan ang sumusunod na link: https://www.baaqmd.gov/about-air-quality/glossary/glossary.



# APPENDIX O KARAGDAGANG BAHAGI A

## Checklist o Mga Kinakailangan para sa Aplikasyon

Kailangang Kasama sa mga Aplikasyon ang mga Sumusunod:

☐ **Cover Sheet o Pabalat na Papel**

Kailangang makompleto ang Cover Sheet o Pabalat na Papel ng James Cary Smith Community Grant Program ng Air District at mapirmahan ito ng indibdiwal na may awtoridad na pumasok sa legal na kasunduan para sa inyong organisasyon, Puwedeng mapirmahan ang mga Aplikasyon gamit ang naka-type na pangalan. Bagamat hindi bibigyan ng score o marka ang cover sheet, kinakailangan sa aplikasyon ang pagkompleto nito. Pakikompleto ang lahat ng seksiyon na hindi namarkahan na opsiyonal at nang matulungan ang Air District na makilala ang inyong organisasyon at maintindihan ang disenyo, mga tunguhin, at hinihiling na pondo ng inyong mungkahing proyekto.

☐ **Patunay ng katayuan bilang 501(c)(3) para sa aplikante o sa fiscal sponsor (tagapagtaguyod para sa pinansiya) ng aplikante**

Pakibigay ang pagpapatunay ng katayuan bilang may bilang organisasyong may bisa at pangkasalukuyan ang pagkakasakop sa ilalim ng United States Internal Revenue Code (Kodigo sa Buwis ng Estados Unidos) Seksiyon 501(c)(3) para sa aplikante o sa fiscal sponsor ng aplikante.

☐ **Salaysay ng Proyekto – pinakamahaba na ang 5 pahina**

1. **Buod ng Proyekto**
2. **Deskripsiyon ng Komunidad**
3. **Pamumuno**
4. **Pagsukat sa Tagumpay**
5. **Mga Pakikipag-partner**

☐ **Badyet ng Proyekto**

Mapapahintulutan ng badyet ang mga tagagawa ng ebalwasyon na higit na maintindihan ang sakop at direksiyon ng mungkahing proyekto.

- Ibigay ang buong badyet para sa mungkahing proyekto kasama na ang mga gastos para sa mga kawani, materyales, at supplies, na nahati-hati batay sa taon (kung naaangkop).
- Pakilista ang sinumang magbibigay ng pondo para sa proyektong ito, kasama na ang kanilang kabuuang kontribusyon (kasama na ang mga bagay), at isaad kung natiyak na ang kontribusyon (hawak na), naipangako, nahiling, o hindi pa nahihiling. Kung hindi pa natitiyak ang pondo, mangyaring magbigay ng maiksing deskripsiyon kung paano maaayon ang mungkahing proyekto kung ang susuporta lamang ay ang grant program na ito.

# Aplikasyon para sa James Cary Smith Community Grant Program: Cover Sheet o Pabalat na Papel

## I. APLIKANTE

Pangalan ng Organisasyon: ______________________ Taon na Naitatag: __________

Address ng Organisasyon: ______________________________________

Lungsod: ____________________ Zip Code: __________ County: ____________

Website: ______________________________________

Pangunahing Indibdiwal na Makokontak: __________________ Titulo: __________________

Numero ng Telepono: ______________________ Email: ______________________

Fiscal Sponsor (kung naaangkop): ______________________________________

Address para sa Pagpapadala sa Koreo: ______________________________________

Lungsod: ____________________ Zip Code: __________ County: ____________

Pangunahing Indibdiwal na Makokontak: __________________ Titulo: __________________

Numero ng Telepono: ______________________ Email: ______________________

Ang aplikante pa o ang fiscal sponsor ng aplikante ay organisasyong nakabase sa komunidad sa California at may hawak na kasalukuyang katayuan bilang hindi kasama sa pagbabayad ng buwis sa ilalim ng Seksiyon 501(c)(3) ng pederal na Internal Revenue Code?
*Pakisumite ang pagpapatunay ng katayuan o pagkilala sa aplikante o sa fiscal sponsor bilang entidad na non-profit batay sa pederal na Internal Revenue Service Code 501(c)(3) sa pamamagitan ng mga materyales sa aplikasyon:*

☐ Oo ☐ Hindi

Nabigyan ba ang aplikante ng James Cary Smith Community Grant o ng Community Health Protection Grant (Tulong-Pinansiyal para sa Proteksiyon ng Kalusugan ng Komunidad) ng Air District noong 2019 o matapos ang taon na ito? ☐ Oo ☐ Hindi

Pahayag ukol sa Misyon ng Aplikante *(Opsiyonal)*:

## II. MUNGKAHING PROYEKTO ROPOSED

Pamagat ng Mungkahing Proyekto: ________________________________________

(Mga) heyograpikong lugar na pinagtutuunan ng mungkahing proyekto:

________________________________________

Ang mga lugar ba nito ay itinuturing na environmental justice communities o mga komunidad na nakararanas ng wala sa proporsiyong panganib sa kapaligiran? *Para sa iba pang impormasyon tungkol sa mas pinipiling mga lugar, tingnan ang mga pahina 6-7 ng Paghiling ng mga Aplikasyon para sa Siklo 2.* ☐ Yes ☐ No

Kung gumamit ng ibang metodolohiya sa pagsusuri upang matukoy ang environmental justice communities o mga komunidad na nakararanas ng wala sa proporsiyong panganib sa kapaligiran na bukod pa sa CalEnviroScreen 4.0, pakilista ang pinagmulan / metodolohiya at magbigay ng weblink, kung naaangkop:
________________________________________

Kategorya ng Programa (piliin ang lahat ng naaangkop sa mga Taon 1–3):

☐ Pag-oorganisa ng Komunidad ☐ Awtentikong Pakikilahok

Maiksing deskripsiyon ng mungkahing proyekto ng inyong organisasyon (pinakamahaba na ang 1 pahina)

Bilang ng taon na gustong mapondohan (pinakamarami na ang 3 taon): ____________

Kabuuang Pondong Hinihiling sa Air District para sa Taon 1: $ ________________________

Kabuuang Pondong Hinihiling sa Air District para sa Taon 2: $ ________________________

Kabuuang Pondong Hinihiling sa Air District para sa Taon 3: $ ________________________

**(Mga) Indibidwal na awtorisadong pumasok sa pormal na kasunduan sa Air District:**

Ako, si ______________________(pangalan ng awtorisadong kinatawan ng Aplikante)
at ako, si______________________(pangalan ng awtorisadong kinatawan ng Fiscal Sponsor, kung naaangkop), ay binibigyan ng awtorisasyon ang pagsusumite ng aplikasyon para sa grant na ito at pinatototohanan ko na tama ang lahat ng impormasyon at wastong sinasalamin ang sakop, gastos, iskedyul ng mga gawain, at pagkakaroon ng pondo ng proyekto.

Ako, si__________________________ (pangalan ng awtorisadong kinatawan ng Aplikante)
at ako, si______________________(pangalan ng awtorisadong kinatawan ng Fiscal Sponsor, kung naaangkop) ay nagpapatotoo na ang Aplikante/Fiscal Sponsor ay sumusunod sa naaangkop na mga batas na nauukol sa magkasalungat na interes at mananatiling sumusunod sa lahat ng gayong batas sa panahon ng lubusang pagpapatupad ng Kasunduan ukol sa Grant, at sa panahon ng mga pagpapahaba sa proyekto. Hindi magkakaroon ng interes ang Aplikante, at ang Fiscal Sponsor nito, kung naaangkop, at hindi magkakaroon ng anumang interes, direkta man o hindi, na kasalungat ng kakayahan nito na walang kinikilingang magpatupad o makakompleto ng mga gawaing nakalarawan sa Kasunduan ukol sa Grant. Kailangang isiwalat ng aplikante ang anumang direkta o hindi direktang pinansiyal na interes o sitwasyon na posibleng magdulot ng aktuwal, nakikita, o posibleng kasalungat na interes sa mga tungkulin nito na nasa pakete para sa aplikasyon. Maaaring isaalang-alang ng Air District ang kalikasan at nasasakop ng anumang aktuwal, nakikita, o posibleng kasalungat na interes sa kakayahan ng aplikante na isagawa at ipatupad ang lahat ng obligasyon na nasa ilalim ng Kasunduan ukol sa Grant. Kailangang nakasulat na ipaalam agad ng bawat aplikante sa Air District ang anumang posibleng bagong kasalungat na interes.

*Maaaring pirmahan ang mga aplikasyon gamit ang naka-type na pangalan.*

Lagda ng Aplikante: ______________________ Titilo: ______________________

Organisasyon: ______________________ Petsa: ______________________

Fiscal Sponsor (kung naaangkop):

Lagda: ______________________ Titulo: ______________________

Organisasyon: ______________________ Petsa: ______________________

## Aplikasyon para sa James Cary Smith Community Grant: Salaysay ukol sa Proyekto

Paksiagot ang sumusunod na mga tanong ukol sa Salaysay ukol sa Proyekto o Project Narrative. Kailangang isumite ang mga sagot gamit ang hindi liliit sa 11-point font, na nasa 8 1/2” x 11” na mga pahina. Lima (5) ang pinakaamalaki nang bilang ng mga pahina para sa Salaysay ukol sa Proyekto. Ang kabuuang bilang ng posibleng makuhang puntos ay 105: 100 puntos para sa mga tanong na nasa ibaba, at karagdagan dito ang posibleng 5 puntos na bonus para sa mga mungkahing proyekto na matatagpuan sa isa o higit pang mas pinipiling lugar na kasalukuyang hindi nakatalagang komunidad batay sa AB 617.

1. **Buod ng Proyekto —** Magbigay ng malinaw at maiksing buod kung paano palalakihin ng inyong proyekto ang kapasidad ng inyong tinatarget na komunidad sa loob ng panahon ng grant at kung paano ito makapamumuno sa mga pagsusumikap sa hinaharap upang mabawasan ang polusyon sa hangin at ang pagkakalantad dito. Isama ang buod ng mga aktibidad na susuportahan ng mungkahing proyekto na ito sa taon 1, at sa mga taon 2-3 kung naaangkop. Pakilarawan kung ano-anong stratehiya sa pag-oorganisa ng komunidad ang gagamitin ninyo, at/o kung paano kayo makahihikayat ng awtentikong pakikilahok. ***(30 puntos)***

2. **Deskripsiyon ng Komunidad —** Magbigay ng detalyadong deskripsiyon ng komunidad o mga komunidad na iminumungkahi ninyong ugnayan, palahukin, at bigyan ng impormasyon sa pamamagitan ng pondo mula sa grant. Isama ang lugar, pangkalahatang mga hangganan, demograpikong impormasyon (halimbawa, edad, kasarian, edukasyon, etnisidad at iba pa), wikang pinakasinasalita, at anumang iba pang makabuluhang impormasyon sa tingin ninyo ay makatutulong sa paglalarawan ng komunidad o mga komunidad. Ilarawan ang antas ng pakikilahok ng komunidad o ang pakiramdam nito ng pagkakaroon ng kapangyarihan sa mga proseso sa paggawa ng desisyon ng pamahalaan. Sabihin sa amin kung ang komunidad na pinaglilingkuran ng inyong organisasyon ay kasalukuyang lumalahok sa mga desisyon na nakaaapekto sa kanilang kapaligiran at/o kalusugan, o kung paano makatutulong ang mungkahing proyekto sa paghikayat sa pakikilahok. ***(20 puntos)***

3. **Pamumuno** —Pakilarawan ang programang dalawa o higit pang taon na napamunuan na ng inyong organisasyon at kung saan napalahok ang mga miyembro ng komunidad at nakapagtrabaho kayo tungo sa mga inaalala ukol sa kapaligiran o iba pang inaalala ng komunidad. Tukuyin ang mga pamamaraan, napagtagumpayan, hamon, at mga kinahinatnan ng proyekto, pati na rin ang espesipikong impormasyon tungkol sa heograpiya at demograpikong impormasyon ukol sa komunidad. ***(20 puntos)***

4. **Pagsukat sa Tagumpay—** Malinaw na isaad ang mga sukatan na gagamitin upang magawan ng ebalwasyon ang tagumpay. Ilarawan ang mga pamantayan na gagamitin sa pagpapasya kung natamo ng proyekto ang mga tunguhin at layunin nito sa taon 1, at sa mga taon 2-3 kung naaangkop. Makilarawan din ang tinatayang bilang ng mga indibidwal na lalahok sa proyekto, o makikinabang sa proyekto, ayon sa taon, at kung paanong sa pamamagitan ng tagumpay ng inyong programa at mga aktibidad ay mahihikayat ang mas maraming komunidad na lumahok. ***(20 puntos)***

5. **Mga Pakikipag-partner** — Magbigay ng maiksing deskripsiyon na mayroon na kayo o pinaplanong mga pakikipag-partner sa anumang iba pang nakabase sa komunidad na mga organisasyon at lider, pampublikong mga ahensiya, o iba pang makikipagkolaborasyon, kung saan dinidetalye kung ano ang kanilang ipagkakaloob sa mungkahing proyekto (subcontracting o pangongontrata sa may kontrata), pakikipagkolaborasyon sa pag-abot sa nakararami, tulong sa pagsasalin, at iba pa). ***(10 puntos)***

**TALA: Mas Pinipiling mga Lugar –** Tatanggap ang mga aplikasyon para sa mungkahing proyekto na matatagpuan sa loob ng isa o higit pang mas pinipiling lugar na kasalukuyang hindi nakatalagang komunidad batay sa AB 617 ng bonus na may 5 puntos. ***(5 puntos)***

# APPENDIX B

**TALA:** Pakitingnan ang Appendix B ng Ingles na bersiyon ng dokumentong ito para sa halimbawa ng mga patakaran at kondisyon ng Air District. Makikita ang dokumentong ito sa [www.baaqmd.gov/communitygrants](http://www.baaqmd.gov/communitygrants). Posibleng mag-iba ang aktuwal na mga patakaran at kondisyon.